

**Filipino A: literature – Higher level – Paper 1**  
**Filipino A : littérature – Niveau supérieur – Épreuve 1**  
**Filipino A: literatura – Nivel superior – Prueba 1**

Friday 8 May 2015 (afternoon)  
Vendredi 8 mai 2015 (après-midi)  
Viernes 8 de mayo de 2015 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

**Instructions to candidates**

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a literary commentary on one passage only.
- The maximum mark for this examination paper is **[20 marks]**.

**Instructions destinées aux candidats**

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire littéraire sur un seul des passages.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est de **[20 points]**.

**Instrucciones para los alumnos**

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario literario sobre un solo pasaje.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[20 puntos]**.

Sumulat ng komentaryong pampanitikan sa alinmang isa sa dalawang sumusunod:

1.

Si Susan ay hindi ko pa nakitang umiyak kahit kalian. Ang sabi ni Mamay\* ay nabarahan daw ang *tear ducts* ni Susan kaya't wala itong kakayahang umiyak. Pinagpapawisan si Susan nang tagaktak kapag pinagagalitan ni Mamay. Ang kanyang luha ay sa palad nagbubukal at hindi sa mata. Pinagpapawisan ang kanyang palad kapag naninikip ang dibdib.

5 May isa pang sakit si Susan – mahina ang pandinig nito. Ang sabi ni Mamay ay ginagawa lamang na dahilan ni Susan ang mahina niyang pandinig para balewalain ang sinasabi ng aming ina. Si Susan, nang lumaki, ay may rebeldeng ugali at mukhang walang pakialam sa mga pangaral ni Mamay kaya't madalas manggalaiti ang matanda. “Mamay, mahina lang po ang pandinig ko,” palagi nitong pangangatwiran ngunit hindi nito nabibilog ang ulo ni Mamay. 10 Dumidiretso sa silid si Susan kahit nagsasalita pa si Mamay habang naglalaro ng baraha sa sala at tinatanglawan ng munting gaserang ang liwanag ay kasing-pusok ng mga salita ng matanda. Walang lingon-lingon si Susan na waring walang narinig habang lumalangitngit ang kahoy na sahig sa kanyang mabibigat na hakbang. Hindi maaaring hindi marinig ni Susan ang tinig ni Mamay gaano man kahina ang kanyang pandinig ngunit madalas, si Mamay pa ang 15 naghahabol para sabihin kung gaano siya nabastos sa pagtalikod nito habang siya'y hindi pa tapos magsalita.

Maramdamin si Susan at mababaw ang damdamin. Kung marunong lamang itong umiyak, siguro'y parang balon ng luha ang mga mata nito. Ngunit hindi naging problema kay Mamay si Susan pagdating sa pag-iyak; ang naging alalahanin ng matanda ay ang pagiging 20 rebelde nito. Malayo ang loob ni Susan sa lahat. Hindi ito mapagsalita at palagi lamang nagkukulong sa silid. Wala itong kinikibo sa aming mga kapatid niya.

Isang araw nang kaming tatlo nila Nelia at Mamay ay papuntang bayan upang pasukatan kaming magkakapatid ng bagong uniporme sa eskuwela ay siya lamang ang naiwan sa bahay. “Sanay akong mag-isa. Huwag kayong mag-alala.” Ito ang nawika ni Susan at agad nitong 25 ikinandado ang malaking pintuan nang lahat kami'y makahakbang palabas. Bigla kaming napatigil nang batiin kami ng katahimikan ng nakakandadong bahay. Inisip namin kung ano ba ang kinikimkim nitong sama ng loob. Anong damdamin ang itinatago ng nakakandadong pintuan nito na waring bibig at ng nakasarang mga bintanang waring mga mata?

Ang katahimikan ay kay tagal na namayani sa bawat sulok ng aming bahay. Ang 30 katahimikang iyon ay nabasag lamang sa pagkahulog ng salaming pangmukhang naroon sa banggera. Ang bawat salugsog niyon ay lumikha ng nakabibinging ingay na sigurado akong narinig ni Mamay. Sa aking isip, nadurog na ang salamin ay waring nababasag pa lamang ito – ang bawat salugsog niyon ay lumikha ng nakabibinging alingawngaw habang tumitimo sa baldosang sahig at gumagalos sa pagkakinis ng lapag, na waring sa dibdib ko tumitibo. 35 Bumangon ako mula sa pangtanghaliang siesta at namataang naroon si Susan at si Mamay sa tabing banggera. Mataas na kaagad ang tinig ni Mamay. [...]

Tumalikod si Susan at nakita kong pigil ang hiningang nakamasid sa isang sulok. Tumuloy ito sa silid. Namumula ang pisngi ni Susan ngunit walang bahid ng kalungkutan sa mukha. Noon ko natiyak na pinatigas ng panahon ang aking kapatid. Hindi lamang ito 40 walang kakayahang makaramdam ng lungkot o pagkabalisa. Dumating ang katiwala upang walisin nang tuluyan ang lahat ng bubog ng nabasag na salamin. Sana'y walisin din niya ang mga salugsog na naiwan sa isip ko – itong mga salugsog na nagdudulot ng nakabibinging alingawngaw na tumapos sa mahabang panahon ng pigil-hiningang katahimikan.

Jun dela Rosa, *Fil Mag* (1997)

---

\* Mamay: tawag sa ina dito sa kwento

2.

**Lungkot**

sana bumbilya ang lungkot:  
patay-sindi, patay-sindi, napupundi;  
sa isang pindot, isang pihit,  
napapatid ang kapatid ng puso,  
5 pumipikit na liwanag na pumapaso  
sa magdamag

sana damit ang lungkot:  
suot-hubad, suot-hubad, napupunit;  
higpit ng kapit na nakakalag;  
10 sapin lamang o saplot,  
hindi balat ng buhay-kirot  
na kulay-inip

sana daga ang lungkot:  
labas-masok, labas-masok, nahuhuli  
15 kahit nagkukubli sa mga lungga  
ng kaluluwa; pesteng puwedeng  
lasunin, akitin sa patibong, ipain  
sa pusang gutom

sana lagnat ang lungkot:  
20 init-lamig, init-lamig, nalulusaw  
sa pawis, nalulunod sa tiis;  
hindi binatang na habang-buhay  
na bumubulag, bumabalot, lumuluray  
ng ulirat

Danilo B Abacahin, *Ang Aklat Likhaan ng Tula at Maikling Kuwento* (1998)

---